



STREPTOMYCIN STREPTOMYCIN

Ang Streptomycin ay isang iniiniksyon na antibiotic na ginagamit sa paggamit ng mga impeksyon na dulot ng bakterya, kabilang ang tuberculosis (TB).

Paano ko ito dapat inumin? (How should I take this?)

- Ang gamot na ito ay iniiniksyon sa kalamnan tulad ng iniutos ng iyong doktor. Ang dosis ay batay sa iyong medikal na kondisyon, timbang, at pagtugon sa paggamot.
- Ang lab tests (tulad ng paggana ng bato, levels ng gamot sa dugo) ay maaring gawin upang malaman ang pinakamabuting dosis para sa iyong kondisyon.

Mayroon ba akong dapat iwasan habang iniinom ko ito? (Is there anything I should avoid when taking this?)

- Ang ibang mga gamot na maaaring makaapekto sa mga bato o pandinig ay maaaring makadagdag sa pagkapinsala sa bato o pagkawala ng pandinig kung kasabay na iniinom ang streptomycin.
 - Ang ilang mga karaniwang halimbawa ay nonsteroidal anti-inflammatory drugs (NSAIDs) tulad ng ibuprofen (Advil®, Motrin®) o naproxen, at diuretics (water-pills) tulad ng furosemide (Lasix®).
- Mga muscle relaxant o ibang mga gamot na maaaring magdulot ng nerve problems

Sabihin sa iyong doktor at parmasyotiko kung umiinom ka ng **anumang ibang mga gamot**, kabilang ang anumang mga produkto na nabibili nang walang reseta.

Ang streptomycin ay hindi dapat gamitin kasabay ng ilang mga buhay na bacterial vaccines (hal., typhoid, BCG). Kausapin ang iyong doktor o parmasyotiko kung plano mong tumanggap ng anumang **mga bakuna o treatment**.

Ano ang ilan sa posibleng side effects o masasamang epekto? (What are some possible side effects?)

- Alibadbad, pagsusuka o kawalan ng ganang kumain
- Kiro, iritasyon o pamumula sa lugar na ininiksyunan
- Sakit ng ulo, pagkahilo

Kung ang alinman sa mga epektong ito ay nananatili o lumalala, konsultahin ang iyong doktor.

STREPTOMYCIN (pagpapatuloy) STREPTOMYCIN (cont'd)

Mag-ingat (Caution): Tawagan kaagad ang iyong doktor o nars kung nakakaranas ka ng mga sumusunod na sintomas:

- alerdyik na reaksyon (kinakapos sa paghinga, pamamantal, pamamaga ng mga labi, mukha o dila, singaw sa balat, o kawalan ng malay)
- kaunti o walang ihi
- humihinang pandinig, kumikililing o umuugong sa taenga
- parang motor na ingay sa taenga o pakiramdam na parang puno ang taenga
- humihinang balanse
- mahapdi, pamimitig, o pamamanhid sa mukha
- mahina ang mga kalamnan
- grabeng matubig na diarrhea o kirot ng tiyan

Sabihin sa iyong doktor kung nakakaranas ka ng anumang mga 'di-karaniwang sintomas na hindi binanggit sa information sheet na ito.

Ano pa ang dapat kong malaman tungkol sa pag-inom ng streptomycin? (What else do I need to know about taking streptomycin?)

- Mahalagang magpunta ka sa lahat ng **mga lab test** na iniutos ng iyong doktor at na puntahan mo ang lahat ng iyong **mga appointment** sa iyong doktor o nars. Maaaring mag-utos ang iyong doktor ng mga pagsusuri sa dugo, pandinig, o mga pagsusuri para sa streptomycin levels upang imonitor ang iyong progreso o malaman kung may side effects.
- Sabihin sa iyong doktor kung ikaw ay **buntis**, nagplaplanong magbuntis, o kung nais mong **pasusuin** ang iyong sanggol.
- Sabihin sa iyong doktor kung mayroon kang alinman sa mga medikal na kondisyong ito: sakit sa bato, myasthenia gravis o anumang alerdyi sa streptomycin, o ibang katulad na aminoglycoside antibiotics tulad ng amikacin, gentamicin o tobramycin.

Saan ako tatawag kung ako'y mayroong ibang mga katanungan? (Where do I call if I have any other questions?)

Ang iyong doktor, clinic, o Public Health Unit: _____
Vancouver TB Services Clinic: 604-707-2692
New Westminster TB Services Clinic: 604-707-2698
BCCDC Vaccine and Pharmacy Services: 604-707-2580